# Katotohanang si Satanas ay nakikisalo sa pagkain na hindi binibigkas rito ang Pangalan ni Allah-Pagkataas-taas Niya,At Katotohanang dumating [bumulong] siya sa batang babae na ito upang makisalo sa kanya,kaya hinawakan ko ang kamay niya,at dumating [bumulong] siya sa Arabong ito [Naninirahan sa Disyerto] upang makisalo sa kanya,kaya hinawakan ko ang kamay niya,Sumpa sa Kaluluwa ko na Hawak niya sa Kamay niya,Katotohanang ang kamay niya[satanas] ay nasa kamay ko kasama ang kamay nilang dalawa)

Ayon kay Huzayfah bin Al-Yaman-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi:Kapag dumalo kami kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang kainan,Hindi namin inilalagay ang mga kamay namin hangga`t hindi ito sinisimulan ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ilagay ang kamay niya [dito].At tunay na nakadalo kami kasama niya, isang beses sa kainan,Dumating ang isang babae na para siyang itinutulak,Pumunta siya upang ilagay niya ang kamay nito sa kainan,Hinawakan ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kamay niya,Pagkatapos ay dumating ang isang Arabo [naninirahan sa Disyerto],na para siyang itinutulak,Hinawakan [ng Propeta] ang kamay niya,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Katotohanang si Satanas ay nakikisalo sa pagkain na hindi binibigkas rito ang Pangalan ni Allah-Pagkataas-taas Niya,At Katotohanang dumating [bumulong] siya sa batang babae na ito upang makisalo sa kanya,kaya hinawakan ko ang kamay niya,at dumating [bumulong] siya sa Arabong ito [Naninirahan sa Disyerto] upang makisalo sa kanya,kaya hinawakan ko ang kamay niya,Sumpa sa Kaluluwa ko na Hawak niya sa Kamay niya,Katotohanang ang kamay niya[satanas] ay nasa kamay ko kasama ang kamay nilang dalawa)) Pagkatapos ay binigkas niya ang Pangalan ni Allah-Pagkataas-taas Niya,at kumain siya.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagsabi si Huzayfah bin Al-Yaman-malugod si Allah sa kanilang dalawa-"Kapag dumalo kami kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang kainan,Hindi

namin inilalagay ang mga kamay namin hangga`t hindi ito sinisimulan ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ilagay ang kamay niya [dito].Ito ay dahil sa ganap na Paggalang nila sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Hindi nila nila inilalagay ang mga kamay nila hanggang sa ilagay niya [mona] ang kamay niya.Ibinigay sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang araw ang pagkain.At nang simulan nila ito-o ibigay na sa kanila-Dumating ang babae-ibig sabihin ya; Batang babae,"Na para siyang itinutulak" ibig sabihin ay para siyang tumatakbo,Inibig niyang ilagay ang kamay niya sa pagkain na walang pagbibigkas sa pangalan ni Allah,Hinawakan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kamay niya.Pagkatapos ay dumating din ang isang Arabo [ Naninirahan sa Disyerto], na para siya itinutulak,Inilagay niya ang kamay niya sa pagkain,Hinawakan ito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa kamay niya,Pagkatapos ay sinabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang Arabong ito [ Naninirahan sa Disyerto],at ang batang babaing ito ay dumating sila dahil kay Satanas,Ibig sabihin ay binulungan silang dalawa [Ni Satanas] at pinilit na dumating sa kanila;Upang nang sa gayun ay makasalo siya sa pagkain sa kanilang dalawa,kapag kumain sila na walang binibigkas na Pangalan ni Allah,At ang dalwang ito ay mapapatawad dahil sa kamang-mangan nila.Ito ay dahil sa munting edad niya,at ito ay dahil sa isang Arabo [ Naninirahan sa Disyerto],Ngunit si Satanas ay nagdala sa kanila,upang nang sa gayun;Kapag kumain sila nang walang binibigkas sa Pangalan [ni Allah] sasalo siya pagkain.Pagkatapos ay Nanumpa ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang kamay ni Satanas kasama ang kamay nilang dalawa ay nasa Kamay ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee